



ANG
KAHARIAN
NG DIYOS

ADRIAN EBENS



Adrian Ebens, 2026

Karapatang-ari © 2026, Adrian Ebens

Maranathamedia.com

Ipinahayag at pinagtibay ang moral na karapatan ng may-akda.

Lahat ng karapatan ay nakalaan. Walang anumang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin o paramihin para sa layuning pangkomersiyo, kabilang ang pagpapadala nito sa anumang anyo o sa pamamagitan ng anumang paraan, elektronik, mekanikal, pag-photocopy, pagrerekord o iba pa, nang walang paunang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglathala at mga may hawak ng karapatang-ari. Pakitandaan na ang may-akda ay nagbigay-diin sa ilang bahagi ng mga talata sa pamamagitan ng paggamit ng makakapal na titik upang bigyang-pansin ang isang partikular na punto na hinango mula sa mga tekstong iyon.

Maliban kung may ibang pagkakakilanlan na nakasaad, ang mga sipi mula sa Banal na Kasulatan ay hinango mula sa *New King James Version*. Karapatang-ari © 1982 ng Thomas Nelson, Inc. Ginamit nang may pahintulot.

Ang mga sipi mula sa Banal na Kasulatan na may pagtukoy na KJV ay mula sa Banal na Bibliya, ang *King James Version*.

Karapatang-ari © 1996, 2004, 2015 ng Tyndale House Foundation. Ginamit nang may pahintulot.

Ang transkrip na ito at ang iba pang mga publikasyon ng Maranatha Media ay makukuha sa aming website na *maranathamedia.com*. Upang umorder ng karagdagang mga kopya, mangyaring mag-email sa adrian@maranathamedia.com

Ang transkrip na ito ay

Ipinresenta ni Adrian Ebens

Isinalin sa sulat at sinuri nina Adam Pearce at Lorelle Ebens

Ang disenyo ng pabalat ay ginawa ni Adrian Ebens

Larawan sa pabalat: Google Flow

Pagkakaayos ng teksto 10.5/14

Palatino Linotype

Inilimbag sa Australia

TRANSKRIP MULA SA
PRESENTASYON NI ADRIAN EBENS
PEBRERO 21, 2026

ANG KAHARIAN NG DIYOS

Ngayon, nais kong pag-usapan ang tungkol sa Kaharian ng Diyos, o ang Kaharian ng Langit (pareho lamang ang kahulugan). At bago tayo magsimula, para sa mga may kakayahan, tayo ay lumuhod at manalangin.

Panalangin sa Pagsisimula:

Aming Ama sa langit, kami ay nagpapasalamat sa Iyo para sa pagpapala ng Araw ng Sabbath. Ngayong umagang ito, ang aming mga puso ay naaalala ang aming minamahal na kapatid na si Lorraine. Namimiss namin siya, at siyempre, namimiss din namin si Pete. Lalo naming idinadalangin si Pete sa pagpanaw ng kanyang ina, at ang buong pamilya Beddie, na nawa'y samahan Mo sila sa panahong ito. Kami ay nagpapasalamat sapagkat si Lorraine ay hindi na nagdurusa. Siya ay labis na nahirapan sa sakit sa huling bahagi ng kanyang buhay. Inaasahan naming makita siya sa umaga ng muling

pagkabuhay, kapag tinawag Mo ang Iyong mga banal mula sa lupa. Marami sa amin ang umaasam na muling makita ang aming mga mahal sa buhay sa panahong iyon. At kami ay nagpapasalamat sa Iyong pinagpalang pag-asa.

Salamat sa Iyo, Panginoong Hesus. Ikaw ang muling pagkabuhay at ang buhay. At kami ay nagpapasalamat sa Iyo, Amang Diyos, para sa kaloob ng Iyong Anak at para sa katotohanang ito, sa pangalan ni Hesus. Amen.

Presentasyon:

Kaya, magsimula tayo sa isang talata mula sa aklat ng Lucas.

Nang Siya ay tanungin ng mga Pariseo kung kailan darating ang Kaharian ng Diyos [o ang Kaharian ng Langit], sumagot Siya sa kanila at sinabi, “Ang Kaharian ng Diyos ay hindi dumarating na may nakikitang palatandaan; ...

Ano ang ibig sabihin nito? Hindi ito nakikita ng likas na mata; ng mata ng laman. Hindi ito dumarating na may nakikitang palatandaan.

... ni hindi nila sasabihin, ‘Tingnan dito!’ o ‘Tingnan doon!’ Sapagkat tunay nga, ang Kaharian ng Diyos ay [saan?] nasa loob ninyo.” (Lucas 17:20–21)

Kaya, ano ang ibig sabihin nito? May ilan akong inilista na mga implikasyon. Ang kaharian ay hindi teritoryo. Hindi rin ito mga hukbo. Ito ay nasa loob ninyo. Ito ay espirituwal. Ito ay tungkol sa karakter. Makatuwiran bang sabihing ganito ang konklusyon? Ang kaharian ng Diyos ay isang kaharian ng karakter. At kapag tinitingnan mo ang isang tao, makikita mo ba agad ang buong karakter niya? Hindi, hindi ba? Hindi mo maaaring makita agad. Makikita mo lamang ang mga patunay ng kanyang karakter lalo na sa mga

sitwasyong may krisis. Ngunit kapag wala sa krisis, karamihan sa atin ay nasa Facebook—nagpo-post ng mga larawang nais nating makita ng iba, at itinatago ang iba (bagaman hindi palagi).

Kaya, ito ay mahalaga. Ang Kaharian ng Diyos ay isang kaharian ng karakter. Ito ay espirituwal. Ayon sa Roma 7, “ang kautusan ay espirituwal.” At alam natin na ang kautusan ay isang paglalarawan ng karakter ng Diyos. Samakatuwid, kung ito ay kaharian ng karakter at ito ay espirituwal, ito ay isang bagay na nasa loob natin, gaya ng sinabi ni Hesus.

Ang pagtanggap sa kaharian; ngayon, pansinin ito.

“Nakamasid ako sa mga pangitain sa gabi, at narito, *isang* tulad ng Anak ng Tao, na dumarating na kasama ng mga ulap ng langit!

Ano ang mga ulap ng langit? Ang mga anghel.

Siya ay dumating sa Sinaunang mga Araw,

Sino ang Sinaunang mga Araw? At bakit Siya tinatawag na Sinaunang mga Araw? Sapagkat Siya nga ay gayon; Siya ang pinakamatanda. Makatuwiran bang sabihing Siya ang pinakamatanda? Siya ang pinakamatanda.

At Siya [si Kristo] ay iniharap nila sa Kanya. At pagkatapos ...

Kailan ang “pagkatapos?” Kailan ito? Tungkol saan ang talatang ito? Daniel 7, panahon ng paghuhukom? Taong 1844. Pagkatapos noon, ibinigay sa Kanya ang kaharian. Ngunit sandali lang. Bakit kailangan pa Niyang maghintay hanggang 1844 upang tanggapin ang kaharian? Upang makilala ang karakter ng Ama. Mahalaga itong punto, hindi ba? Pansinin, “pagkatapos ay ibinigay sa Kanya” ang ano? Kapamahalaan.

May kapamahalaan ba si Cesar? Ngunit anong uri ng kapamahalaan ang mayroon si Cesar? Teritoryo? Kapangyarihang nakasalalay sa

talim ng espada. Gaano katagal magtatagal ang ganitong uri ng kaharian?

Tagapakinig: Hindi magtatagal, malalaman natin iyon kapag may dumating na may mas malaking espada.

Pr. Adrian: Hanggang sa may dumating na may mas malaking espada. Mahalaga itong punto. Siya ay binigyan ng kapamahalaan at kaluwalhatian. Ano ang kaluwalhatian? Karakter.

Pagkatapos ay ibinigay sa Kanya ang kapamahalaan, kaluwalhatian, at isang kaharian, upang ang lahat ng mga tao, mga bansa, at mga wika ay maglingkod sa Kanya. Ang Kanyang kapamahalaan ay walang hanggang kapamahalaan,

Paano Siya magkakaroon ng walang hanggang kapamahalaan? Ang mga nasasakupan ng kaharian ay kailangang magbigay sa Kanya ng walang hanggang kaluwalhatian at kusang magpasakop sa Kanyang kapamahalaan, hindi sa pamamagitan ng puwersa, hindi sa pamamagitan ng pagbabanta, kundi sa pamamagitan ng pag-ibig. Tanging pag-ibig lamang ang makapagpapagising ng pag-ibig.”

Na hindi lilipas kailanman, ...At ang Kanyang kaharian *ay isang* kahariang hindi mawawasak. (Daniel 7:13-14)

Hindi ito mawawala o lilipas dahil hawak ng Diyos ang lahat sa ilalim ng Kanyang kamay na bakal at binabantaan ang sinumang magsalita o kumilos nang taliwas, na Kanya silang papawiin sa ibabaw ng lupa. Ang isang kahariang tulad niyan ay hindi maaaring magtagal magpakailanman, hindi ba?

Tagapakinig: Hindi, ang paniniil ay mabibigo.

Pr. Adrian: Ang paniniil ay kailangang mabigo; ito ay talagang mabibigo. Ano ang sinasabi? “Walang takot sa pag-ibig, ang takot ay may kasamang pagpapahirap. Ang pag-ibig ay hindi nagiging ganap

sa takot.”

At ang Kanyang kaharian *ay yaong* hindi kailanman mawawasak.
(Daniel 7:13–14)

Bakit ito hindi maaaring wasakin? Sapagkat ito ay isang walang hanggang kaharian na nakabatay sa pag-ibig; agape na pag-ibig. Ang lahat ng nasasakupan nito ay lubos na nakatalaga.

Pansinin na ang kahariang ito ay hindi lumilitaw hanggang sa panahon ng paghuhukom. At dapat kaagad nitong mapaisip, dapat kaagad itong magbukas ng mga kaisipan sa iyong isipan. Kung ang kaharian ay hindi pa dumarating, at napapansin natin na ito ang panahon kung kailan nagsimula itong mabuo, hindi ba? At paano nabuo ang kaharian?

Tagapakinig: Ang bayan ng Diyos, ang mga taong tumanggap sa Kanyang karakter, ang mga taong nagbago at humiling sa Panginoon na pumasok sa kanilang buhay. Sila ay naging mga bagong nilalang kay Kristo. Ibig sabihin, ito ay isang pagbabagong-anyo.

Pr. Adrian: Oo. At ang lahat ng ito ay nakasulat sa mga aklat ng talaan. At habang sinisiyasat ng Diyos ang mga aklat ng talaan, nakikita Niya ang mga taong piniling maniwala sa patotoo ni Hesukristo, at ang mga sumunod sa Torah ayon sa itinuro ni Moises, na sumasalamin sa katotohanan ng karakter ng Diyos, ang kanilang mga pangalan ay nananatili. At ang kaharian ay binubuo ng mga nasasakupan nito. Sapagkat ang kaharian na hindi dumarating sa pamamagitan ng panlabas na pagmamasid ay isang kaharian ng karakter. Kaya, pansinin.

Tagapakinig: Nakakainteres, Adrian, sa panahong iyon sila ay sinubok at dumaan sa pagkadismaya. Nagsimula ito sa pagsubok.

Pr. Adrian: Nagsimula ito sa pagsubok, hindi ba? Kung sila ba ay mananatiling matatag sa kanilang pagkaunawa sa itinuturo ng Salita

ng Diyos, o susuko sa pangungutya at pag-uusig.

Tagapakinig: Magtatapos din ito sa ganoon.

Pr. Adrian: Oo. At pagkatapos, ang mas dakilang liwanag ay ibinuhos sa kanila, at nagpatuloy silang lumakad sa liwanag na iyon habang kanilang hinarap ang pag-uusig.

Tanong, maaari ka bang makapasok sa mas dakilang liwanag nang walang pag-uusig?

Tagapakinig: Mukhang hindi ito ganon.

Pr. Adrian: Nakakalungkot, hindi ba? At maaari pa nga nating hindi tawaging pag-uusig. Maaaring ito ay kahirapan, pagsubok, hirap, at pakikibaka.

Tagapakinig: Kung gayon, ang dalawang kaharian ay naglalaban.

Pr. Adrian: Oo, ang laman laban sa Espiritu, at ang Espiritu laban sa laman. Maaari bang isilang ang sinuman sa mundong ito nang walang pakikibaka? Hindi, sapagkat ang laman ay lumalaban.

Tagapakinig: Lubos na nuunawaan iyan ng mga ina.

Pr. Adrian: Pansinin, may ilang punto akong inilahad dito.

- Ito ay natatanggap sa pamamagitan ng paglapit sa Ama— hindi sa pamamagitan ng pagsakop ng teritoryo gamit ang mga hukbo.

Hindi tinatamo ni Kristo ang Kanyang kaharian sa pamamagitan ng pagparito sa lupa, pagdurog, at pagwasak. Siya ay lumalapit sa Kanyang Ama upang tanggapin ito. Parang kakaiba ba iyon? Bakit kailangan pa Niyang lumapit sa Kanyang Ama upang tanggapin ito?

Tagapakinig: Ibinibigay ito sa Kanya ng Kanyang Ama, sapagkat ang Kanyang Ama ang may-ari ng lahat ng bagay.

Pr. Adrian: Gaya ng sinabi sa Hebreo kabanata uno,

Ang Diyos, na noong nakaraang mga panahon at sa iba't ibang paraan ay nagsalita sa ating mga ninuno sa pamamagitan ng mga propeta, ay sa mga huling araw na ito ay nagsalita sa atin sa pamamagitan ng *Kanyang Anak*, na Kanyang itinalagang tagapagmana ng lahat ng bagay, at sa pamamagitan din Niya ay nilikha ang mga sanlibutan. (Hebreo 1:1-2)

Sino ang lumikha ng mga sanlibutan? Ang Diyos. Sa pamamagitan kanino? Kay Kristo. Ang lahat ng bagay ay nagmumula sa Ama, at ang lahat ng bagay ay dumarating sa pamamagitan ng Anak. Ito ang itinuturo sa atin.

Kaya, upang matanggap ang kaharian, hindi Niya ito basta na lamang kukunin para sa Kanyang sarili. Kailangan Niyang lumapit sa Ama upang ito ay Kanyang tanggapin. At bakit kailangan din Niyang lumapit sa Ama upang tanggapin ito? Sapagkat kung ito ay isang espirituwal na kaharian, at ang Banal na Espiritu ay nagmumula at lumalabas sa Ama, kailangan Niyang lumapit sa Ama upang tanggapin ang Espiritung iyon, at upang ibigay ang Espiritung iyon “sa lahat ng mga tatanggap sa Kanya.” Kailangang magmula ito sa Ama. Kaya Siya ay lumalapit sa Ama upang ito ay tanggapin. Hindi sa pamamagitan ng pagsakop ng teritoryo gamit ang mga hukbo.

- Ito ay natatanggap sa pamamagitan ng paglapit sa Ama— hindi sa pamamagitan ng pagsakop ng teritoryo gamit ang mga hukbo.
- Ito ay isang walang hanggang kapamahalaan, na nangangahulugang ang mga nasasakupan nito ay ganap na malaya at nasa kapayapaan.

Hindi maaaring magkaroon ng walang hanggang kapamahalaan kung

ang mga nasasakupan ay nasa ilalim ng takot, paghihirap, at paniniil. Ang isang kahariang tulad niyan ay hindi kailanman maaaring magtagal.

Tagapakinig: Iyon ay takot sa sariling pagkalipol. Ito ay sariling pagwasak.

Pr. Adrian: Ito ay kailangang humantong sa sariling pagwasak. Gaya ng aking sinabi sa ibang mga pagkakataon, maaari bang umiral ang pananampalataya kung may banta ng kamatayan? Maaari bang magkaroon ng pananampalataya kung naroroon ang banta ng kamatayan?

Tagapakinig: Depende ito sa pinagmumulan ng banta ng kamatayan.

Pr. Adrian: Kung ang nag-aalok sa iyo ng buhay na walang hanggan ay siya ring nagbabanta sa iyo, maaari ka bang magkaroon ng pananampalataya? Kailangang nakabatay ito sa pag-ibig. Malayang pagpili at kalayaan. At ito ang dahilan kung bakit ang kaharian ng Diyos ay isang walang hanggang kaharian, sapagkat ito ay ganap na malaya. Gaya ng sinabi ni Josue, "Piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran."

- Hindi ito maaaring wasakin sapagkat ito ay isang kaharian na may likas na mapagmahal na karakter. Ito ay nasa loob ninyo. Hindi ito maaaring wasakin ng mga hukbo, espada, baril, o anumang karahasan.

Gaya ng natuklasan ng mga hukbo ng papa noong Gitnang Panahon, hindi nila ito kayang sugpuin; at gaya rin ng natuklasan ng Imperyo ng Roma at ng mga Cesar, hindi nila kayang puksain ang kaharian ng Diyos, sapagkat ito ay hindi nakabatay sa mga espada at hukbo. Ito ay nakabatay sa pag-ibig.

Ang epekto ng kaharian. Ito ay mula sa Isaias 32. Sinasabi nito,

Narito, isang hari ang maghahari sa katuwiran,

Sino ang haring ito? Si Kristo, ang itinalaga ng Ama.

At ang mga prinsipe ay mamamahala nang may katarungan. Ang tao ay magiging tulad ng kanlungan laban sa hangin,...

Paano magiging kanlungan laban sa hangin ang isang tao? Anong hangin? Ang mga hangin ng kaguluhan, digmaan, pulitika, sakit, at kamatayan. Ang tao ay magiging kanlungan laban sa hangin. Ako ay mananahan sa lilim ng Makapangyarihan. At kapag ang Kanyang Espiritu ay nananahan sa akin, ako ay nagiging kanlungan para sa iba. Laban sa kasinungalingan, maling turo, at maling doktrina.

... At magiging kanlungan laban sa bagyo, parang mga ilog ng tubig sa tuyong lugar, at parang lilim ng isang malaking bato sa lupang pagod at tigang. (Isaias 32:1-2)

(gaya ng sinasabi sa awit) At pagkatapos ay dumating tayo sa dulo ng talata. Ngayon, pansinin ang epekto.

Pagkatapos, ang katarungan ay mananahan sa ilang, at ang katuwiran ay mananatili sa mabungang bukirin. Ang bunga ng katuwiran ay kapayapaan, at ang epekto ng katuwiran ay katahimikan at katiyakan magpakailanman.

Kaya, saan man pumaroon ang kaharian ng Diyos, ano ang kasunod? Kapayapaan, katahimikan, at kapanatagan ng kaluluwa. Kapag ang iyong kaluluwa ay nababagabag, kapag ikaw ay nakakaramdam ng galit, at nangganggalit ang iyong mga ngipin, iyon ba ang kaharian ng Diyos?

Ang Aking bayan ay mananahan sa isang payapang tirahan, sa mga ligtas na tahanan, at sa mga tahimik na pahingahan. (Isaias 32:16-18)

Kaya, ito ang epekto ng kaharian. Ito ang ginagawa nito sa puso ng tao sa lahat ng kalagayan. Ipinahahayag ko ito sa pamamagitan ng pananampalataya.

At sino ang papasok sa kaharian?

“Mapapalad *ang mga* aba sa espiritu, sapagkat kanila ang kaharian ng langit.” (Mateo 5:3)

Ano ang ibig sabihin nito? Ano ang kahulugan ng pagiging aba sa espiritu? Ito ay ang pagiging mapagpakumbaba, ang pagkilala sa iyong pangangailangan, at ang pagkilala sa iyong kawalan ng kakayahan. Si Cesar ba ay aba sa espiritu? “Ako ay dumating, aking nakita, aking sinakop.”

“Pinagpala ang mga tagapagtaguyod ng kapayapaan, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos.” (Mateo 5:9)

Si Napoleon ba ay isang tagapagtaguyod ng kapayapaan? Si Papa Inocencio III ba ay isang tagapagtaguyod ng kapayapaan? Ipinapatay niya ang lahat ng mga Waldense at iba pang mga tao.

“Pinagpala ang mga inuusig dahil sa katuwiran, sapagkat sa kanila ang kaharian ng langit.” (Mateo 5:10)

Hindi ang mga umuusig, hindi ang mga naninira, kundi ang mga inuusig alang-alang sa katuwiran. Sila ang makapapasok sa kaharian ng langit.

At siyempre, alam natin ang talatang ito.

...at sinabi Niya, “Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, malibang kayo ay magbago at maging tulad ng maliliit na bata, kailanman ay hindi kayo makapapasok sa kaharian ng langit. Kaya’t ang sinumang nagpapakumbaba tulad ng batang ito ang siyang pinakadakila sa kaharian ng langit.” (Mateo 18:3–4)

Nauunawaan ba natin ang kahulugan ng ganitong pahayag? Sino ang pinakadakila sa kaharian ng langit? Ang maaamo, ang mapagpakumbaba, at ang mahinahon. Ang mga taong kinikilala ang kanilang pangangailangan sa Diyos. Hindi ang mga dakilang tao sa mundo. Hindi ang mga makapangyarihan, ang mga pinuno; o yaong mga pumatay ng marami. Ang maliliit bang bata ay pumapatay ng tao? Nauunawaan ba nila kung ano ang ibig sabihin niyon? Hindi nila

alam kung ano ang kahulugan niyon.

Tagapakinig: Mayroon silang ganap na pagmamahal at pagtitiwala sa kanilang mga magulang.

Pr. Adrian: Karamihan sa mga araw!

Tagapakinig: Ito ay isang kalagayan ng pag-asa sa iba.

Pr. Adrian: Ito ay isang kalagayan ng pag-asa sa iba at ng pagtingin, pagtitiwala, at paniniwala na ang iyong mga magulang ay mag-aalaga sa iyo, magpapakain sa iyo, at magpapalusog sa iyo. Kaya, ito ang uri ng taong pumapasok sa kaharian. Mahalaga itong maunawaan. At narito ang isang mahalagang talata.

Sumagot si Hesus, “Ang Aking kaharian ay hindi mula sa sanlibutang ito. Kung ang Aking kaharian ay mula sa sanlibutang ito, ang Aking mga lingkod ay makikipaglaban, ...

Paano mo ito sasabihin sa kabaligtarang paraan? Kung ang Aking kaharian ay mula sa sanlibutang ito, ang Aking mga lingkod ay makikipaglaban. Ano ang kahulugan nito? Ibig sabihin, ang mga nasa kaharian ng Diyos ay hindi nakikipaglaban. Hindi sila nakikidigma. Hindi sila pumapatay. Hindi sila naninira. Ito ang sinasabi ni Hesus, ang Aking kaharian ay hindi gumagawa ng mga bagay na ito.

Kung ang Aking kaharian ay mula sa sanlibutang ito, ang Aking mga lingkod ay makikipaglaban upang hindi Ako maipagkanulo sa mga Judio; ngunit ngayon, ang Aking kaharian ay hindi nagmumula rito.” (Juan 18:36)

At upang magawa iyon at maiwasan iyon, kinakailangan nilang gumamit ng puwersa at makipaglaban. At siyempre, lumapit sa Kanya ang mga alagad at sinabi, “Panginoon, narito ang dalawang tabak.” At ano ang sinabi ni Hesus? “Sapat na ba?” [ibig sabihin, sapat na ba ang mga tabak] O “Sapat na ba?” [ibig sabihin, sapat na ba ang ganitong usapan] Alin ang sinabi Niya? “Sapat na ang ganyan. Hindi iyon ang Aking kaharian. Hindi iyon bahagi ng Aking kaharian.” (O

gagawin ba Niya ang dalawang tabak na maging limang libong tabak, na parang pinaparami gaya ng tinapay.)

Ibig sabihin nito, walang pakikipaglaban gamit ang mga pisikal na sandata sa kaharian ni Kristo.

“Ang mga sandata ni Kristo ay hindi makalaman, kundi makapangyarihan sa pagwasak ng mga moog,” ayon sa ating sinasabi. At gaya ng sinabi Niya kay Pedro,

Ngunit sinabi sa kanya ni Hesus, “Ibalik mo ang iyong tabak sa kanyang kinalalagyan, sapagkat ang lahat ng humahawak ng tabak ay mamamatay sa tabak.

At ano ang lugar na iyon?

Tagapakinig: Sa kanyang kaluban.

Pr. Adrian: Saan Niya nais ilagay ni Pedro ang tabak? Ilayo ito. Kung hindi, ikaw ay mamamatay dahil dito.

O iniisip mo ba na hindi Ako maaaring manalangin ngayon sa Aking Ama, at Siya ay magbibigay sa Akin ng higit sa labindalawang legiyon ng mga anghel?” (Mateo 26:52-53)

Bilang isang bata na lumalaki, madalas akong magkaroon ng mga talakayan sa mga tao sa aking paligid. Palagi naming pinag-uusapan ito. Kung sakaling may magnanakaw na pumasok sa iyong bahay, ano ang gagawin mo? Hindi ba’t sinabi na sa atin ni Hesus kung ano ang dapat nating gawin? Ano ang gagawin ni Hesus? Mananalangin Siya sa Kanyang Ama upang magpadala ng Kanyang mga anghel. Iyon ay isang gawa ng pananampalataya, hindi ba? At kung palagi kang nag-aalala na may papasok na magnanakaw sa iyong bahay, gaano kalaki ang iyong pananampalataya sa Diyos?

Paano itinatag ang kaharian ni Kristo? Gusto ko ang siping ito.

Ang pamahalaang kinabibilangan ni Hesus ay tiwali at mapaniil;

...

Mas tiwali at mapaniil ba ito kaysa sa pamahalaang kinabibilangan natin ngayon? Sa palagay ko, mas matindi nilang naramdaman ito kaysa sa atin, hindi ba? Hindi pa naman tayo nakararanas na may mga taong pupunta sa bahay, sisipain ang pinto, at magsasabing, nasaan ang buwis ninyo? Hindi pa naman tayo umaabot sa puntong iyon.

Tagapakinig: Ngunit nagawa nila iyon, at sinabi, “Nasaan ang inyong maskara?”

Pr. Adrian: Oo.

... sa bawat panig ay laganap ang mga pang-aabuso—pangingikil, kawalan ng pagpaparaya, at matinding kalupitan. Gayunman, hindi nagtangkang magsagawa ng anumang repormang sibilyan ang Tagapagligtas.

Ibig mong sabihin, hindi bumoto si Hesus para sa “One Nation” [partido ng pamahalaan sa Australia]?

Tagapakinig: Hindi. Walang “One Nation.” Walang protesta.

Pr. Adrian: Walang protesta?

Hindi Siya sumalakay sa mga pang-aabuso ng bansa [nakararanas ba tayo ng mga pang-aabuso ng bansa? Oo, nararanasan natin], ni hindi rin Niya hinatulan ang mga kaaway ng bansa.

Ang ating bansa ay hinihila patungo sa isang kalagayang may banta ng digmaang sibil, hindi ba? Ito ay gawa-gawa ng mga anak ni Loyola upang dalhin tayo sa digmaang sibil at ipailalim tayo sa kanilang kapangyarihan.

Hindi Siya nakialam sa awtoridad o pamamahala ng mga nasa kapangyarihan. Siya na ating huwaran ay nanatiling malayo sa mga pamahalaan sa lupa. Hindi dahil Siya ay walang malasakit sa mga paghihirap ng tao, kundi dahil ang lunas ay hindi matatagpuan sa mga paraang purong makatao at panlabas lamang. Upang maging mabisa, ang lunas ay dapat umabot sa

bawat tao nang isa-isa, at dapat nitong baguhin at baguhing muli ang puso. (*The Desire of Ages*, p. 509.3)

Nasaan ang kaharian ng Diyos? Ito ay nasa loob ninyo. Ang mga panlabas na hakbang tulad ng pagboto. At ang salitang boto, maaari tayong mabahala na isipin na ang pagboto ay isa ring uri ng puwersa.

Tagapakinig: Nandito ito sa Australia

Pr. Adrian: Ibig mong sabihin, puwersahang pagboto? Oo. Ngunit ang pagboto mismo ay isang paraan ng puwersa.

Tagapakinig: Ito ay sapilitan.

Pr. Adrian: Hindi, ngunit hindi iyon ang tinutukoy ko. Ang mismong pagboto.

Tagapakinig: Maaaring pilitin ka ng pamahalaan na gawin ang isang bagay kahit hindi mo ito gusto, sapagkat ang mamamayan ang nagpasiyang ipagkaloob ang kapangyarihan sa pamahalaan. Kaya ito ay isang uri ng puwersa.

Pr. Adrian: Kung minsan, kapag iniisip mo ito, kapag nais ng pamahalaan o ng mga makapangyarihan na makuha ang isang partikular na resulta, maaari ba nilang maimpluwensyahan ang bilang o ang kalalabasan ng halalan? May mga nagtatanong kung ganito nga ba ang nangyayari, at kung totoo ba ito sa iba't ibang lugar. At may mga nagsasabi na sa ilang bansa, gaya ng North America, ito ay isang isyung madalas pag-usapan. May mga katanungan din kung may kaugnayan ba ito sa iba pang mga sistema at kagamitan sa halalan sa iba't ibang bansa. Ngunit sa puntong ito, hindi na natin ito tatalakayin nang mas malalim.

Ang pagboto ay isang ilusyon. Alalahanin ang alegorya ni Plato, ang alegorya ng kuweba. Nabasa mo na ba ang alegorya ng kuweba ni Plato? Sa lahat ng tao sa isang kweba na tumitingin sa likod ng dingding at ang araw ay pumapasok sa loob ng yungib at mayroong isang tiyak na grupo ng mga tao, ang mga piling tao, ang Illuminati,

na nakatayo sa pader na iyon at sila ay gumagawa ng mga hugis at sila ay gumagawa ng mga imahe sa likod ng dingding ng yungib. Lumilikha sila ng isang ilusyon na tinatawag na "buhay." At lahat ay nakaupo at nakatingin. At pinapanood nila ang maharlikang pamilya. Pinapanood nila ang nangyayari kay Prinsipe Andrew. At nakatingin sila at lahat sila, "Wow;" Kumuha na sila ng popcorn at kumakain na sila. Isang ilusyon ang nililikha para sa atin.

Nakisangkot ba si Kristo sa mga usaping ito at sa mga pagtatalong ito? Hindi, hindi Siya nakisangkot. Sapagkat ang lunas ay wala sa pagpapahayag lamang ng opinyon. Lahat ay may opinyon tungkol sa kung ano ang sa tingin nila ay dapat gawin ng pamahalaan. At siyempre, lahat ng mali sa bansang ito, lahat ng nangyayaring hindi tama sa bansang ito ay isinisisi sa pamahalaan, hindi ba? Para bang wala itong kinalaman sa akin, ang gobyerno ang may kasalanan. Buhay na buhay pa rin ang paglalagay ng sisi sa iba. Ipagbuhos ang lahat sa pamahalaan. Isisi lahat sa mga namumuno.

Pagpapatuloy ng sipi,

Hindi sa pamamagitan ng mga pasya ng mga hukuman, mga konseho, o mga kapulungang tagapagbatas, ni sa pamamagitan ng pagtatangkilik ng mga makapangyarihan at maimpluwensiyang tao sa sanlibutan, ...

Minsan ay sinasabi ng mga tao, Ah, hindi ba't magiging kahanga-hanga kung ang mga kilalang tao sa Adventismo ay tatanggap sa mensaheng ito? Saka tayo magkakaroon ng halaga, hindi ba? Saka tayo magiging mahalaga. Magkakaroon tayo ng mga dakilang tao. Ngunit ano nga ba ang isang dakilang tao?

...hindi rin sa pamamagitan ng pagtatangkilik ng mga makapangyarihan at maimpluwensiyang tao sa sanlibutan naitatatag ang kaharian ni Kristo, kundi sa pamamagitan ng pagtatanim ng likas at karakter ni Kristo sa sangkatauhan sa pamamagitan ng gawain ng Espiritu Santo. [Ganito naitatatag ang

kaharian.] “Datapuwa’t ang lahat ng sa Kaniya’y nagsitanggap, ...

Sino ang tinutukoy na “Kaniya”? Ang bugtong na Anak, ang Anak ng Ama, na nagmula sa Ama; Siya na banal, maamo, mapagpakumbaba, at mahinahon, na hindi gumawa ng karahasan at walang anumang pandaraya na nasumpungan sa Kaniyang bibig.

...“Datapuwa’t ang lahat ng sa Kaniya’y nagsitanggap ay binigyan Niya ng kapangyarihang maging mga anak ng Diyos, maging yaong mga sumasampalataya sa Kaniyang pangalan [karakter]: na ipinanganak, hindi sa dugo, ni sa kalooban ng laman, ni sa kalooban ng tao, kundi ng Diyos.” Juan 1:12, 13. Narito ang tanging kapangyarihang makapag-aangat at makapagbabago sa sangkatauhan.

Hindi ninyo maiaangat at mapapabuti ang sangkatauhan sa pamamagitan ng mga pamamaraang pampulitika, sa paggamit ng puwersa, o sa pamamagitan ng pakikipagtalo at pakikipagdebate.

Tagapakinig: Naniniwala rin ako na maging ang mga saloobin at impluwensiyang nagmumula sa atin, kapag pinag-uusapan natin ang mga sitwasyong iyon, ay maaaring magtulak sa mga nasa kapangyarihan upang gumawa ng mga maniobra at manipulasyon.

Pr. Adrian: Oo, tumutugon sila. Ang mismong kapaligiran ng ating parlamento ay puno ng alitan at pagtutunggali. Ito ay ayon sa pilosopiyang Griyego ng dualismo, dalawang magkasalungat na panig na nagbabanggaan at mula roon ay inaasahang labas ang katotohanan. Ngunit ito ay lubos na salungat sa Diyos. Hindi ganito kumikilos ang Kaniyang pamamaraan.

At ang kasangkapan ng tao upang maisakatuparan ang gawaing ito ay ang pagtuturo at pagsasagawa ng Salita ng Diyos. (*The Desire of Ages*, p. 509.4)

Nakagugulat para sa akin ang pahayag na iyan. Napakaraming oras ang ginugugol sa pagbibigay-komento tungkol sa mga nangyayari sa

sanlibutang ito at sa paglalabas ng ating mga hatol tungkol sa mundo. At gaano ba kalaki ang naiaambag nito upang tunay na mabago ang mundo?

Tagapakinig: Oo, mas madali nga itong gawin kaysa sa pag-aaral ng Salita ng Diyos.

Pr. Adrian: At upang mabago ang inyong karakter sa pamamagitan ng pagtingin at pagtanggap sa Espiritu. Ang tabak ng Espiritu. Ang lahat ng kumukuha ng tabak ay matitilapon at parang ipapako ng tabak na iyon. Iyan ang tabak na nais ninyong pagdaanan, hindi ba? Na ang lumang pagkatao ay mailibing sa alabok.

Isang makalangit na kapayapaan ang bumabalot sa kaluluwa.

Ipinahayag ni Kristo, “Ang Aking kaharian ay hindi sa sanlibutang ito” (Juan 18:36). Bagaman nag-iiwan ito ng impluwensiya sa mga pamahalaan sa lupa, hindi nito maaaring tanggapin kahit kaunting impluwensiya mula sa mga ito nang hindi nasisira ang wangis ng kabanalan.

Napakalalim na espirituwal ang karakter ng gawain ng Diyos sa pusong tao na tumatanggap nito, anupa’t ginagawa nitong ang bawat isa ay maging isang bagong nilalang nang hindi sinisira o pinahihina ang alinmang kakayahang ibinigay ng Diyos sa tao. Nililinis nito ang bawat katangiang angkop para sa pakikipag-ugnayan sa likas na kabanalan. Ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu, at kapag ang tao ay ipinanganak mula sa itaas, ang makalangit na kapayapaan ay pumapawi at pumupuno sa kaluluwa. (*Manuscript 1, 1897*)

May katibayan ng kaharian ng Diyos, isang makalangit na kapayapaan, kagalakan, at kapanatagan, sapagkat nalalaman natin na tayo ay minamahal ng Ama.

Higit pang mga sangkap ng kaharian ng Diyos ang inilalarawan nito. Ito ay tumutukoy sa dahan-dahan, mahinahon, at unti-unting paglago at pagbabago.

Nagbigay Siya sa kanila ng isa pang talinghaga, na sinasabi: “Ang kaharian ng langit ay tulad ng isang tao na naghasik ng mabuting binhi sa kaniyang bukid;” (Mateo 13:24)

Nakita mo na ba ang isang halaman na tumubo dahil sa isang marahas na pagtama ng kidlat o isang malakas na pagsabog, at bigla na lamang ay may punong sumulpot? Wala pa akong nakitang ganoon. Hindi, hindi ganoon ang nangyayari. Sa halip, kabaligtaran nito ang proseso. Kapag nagtanim ka ng binhi, ito ay tahimik, payapa, at dahan-dahan ang pag-unlad nito. Unti-unti itong lumalago at nagbubunga. Ganyan ang kaharian ng Diyos. Ganyan ang kaharian ng langit.

Nagbigay Siya sa kanila ng isa pang talinghaga: “Ang kaharian ng langit ay tulad ng lebadura na kinuha ng isang babae at inihalo sa tatlong takal ng harina, hanggang sa ito ay umalsa at napahinog ang buong masa” (Mateo 13:33)

Unti-unti itong kumikilos sa buong masa. Dahan-dahan itong tumatagos at nagsisimulang magbago at makaapekto sa buong tinapay. Ganito kumikilos ang kaharian ng Diyos.

Nagbigay Siya sa kanila ng isa pang talinghaga, na sinasabi: “Ang kaharian ng langit ay tulad ng buto ng mustasa na kinuha ng isang tao at inihalik sa kaniyang bukid, na tunay na pinakamaliit sa lahat ng binhi; ngunit kapag ito ay tumubo na, ito ay nagiging mas malaki kaysa sa mga halamang gulay at nagiging isang puno, anupa’t ang mga ibon sa himpapawid ay dumarating at namumugad sa mga sanga nito” (Mateo 13:31–32)

Kaya nga, tayong mga tumanggap sa bugtong na Anak ay tumatanggap ng binhing iyon; at ang binhing iyon ay tila maliit kung ihahambing sa lahat ng mga iglesya, hindi ba? Ito ay isang napakaliit na binhi, ngunit ito ay lalago at magiging higit na dakila kaysa sa lahat ng mga ito. Ito ang epekto ng kaharian ng Diyos. Pupunuin nito ang buong daigdig.

Kung gayon, paano natin mauunawaan ang pananakop sa Canaan sa

liwanag na ito? Ang pananakop sa Canaan. Iyan ang tanong, hindi ba? Kung sinabi ni Hesus, ang Aking kaharian ay hindi sa sanlibutang ito, kung ang Aking kaharian ay sa sanlibutang ito, lalaban sana ang Aking mga tagapaglingkod, ang Israel ay nakikipaglaban. Ang tanong, ito ba ay kaharian ng Diyos?

Tagapakinig: Hindi maaari.

Pr. Adrian: Hindi ba't hindi maaaring maging kaharian ng Diyos iyon? Ako ay nasa Hilagang Amerika, sa Hilagang Carolina, at dumalo sa isang malaking pulong ng mga Adventista sa kampo. Ang tagapangaral ay tumayo sa harapan at ikinuwento ang tungkol kay Gideon at sa maraming digmaan ng Israel, at kung paano nila tinalo ang kanilang mga kaaway. Pagkatapos, iniuugnay niya ang kuwentong iyon sa katuwiran ng Hilagang Amerika at sa kanilang mga digmaan laban sa paniniil. Pagkatapos ay pinatugtog ang banda, at sinimulan nilang tugtugin ang 'Star Spangled Banner.' Sinabi pa niya na tayo ay nasa digmaan. At igalang natin ang lahat ng mga beterano na lumaban sa iba't ibang digmaan para sa Hilagang Amerika. Ilakad sila sa harapan. Bigyan natin sila ng parangal. Sa dulo nito, sinabi niya, "Kailangan nating magsagawa ng ebanghelismo. Kailangan natin ng isang milyong dolyar." Ginamit niya ang damdaming makabayan upang pukawin ang sigla ng mga tao, at pagkatapos ay hikayatin silang magbigay ng pera sa handog.

Ngayon, hindi na ako magbibigay ng anumang komento. Nasabi ko na ang sapat. Ngunit may mga taong gumamit ng mga digmaan sa Lumang Tipan upang bigyang-katwiran ang mga digmaan ng mga makabagong bansa. Dahil kung ginawa raw ito ng bayan ng Diyos noon, ito raw ang paraan ng pagkilos ng Diyos. Pansinin ninyo ang sinasabi dito.

Ipinagkaloob ng Diyos sa kanila ang pribilehiyo at tungkulin na pumasok sa lupain sa takdang panahon Niya, ngunit dahil sa kanilang sinasadyang pagpapabaya, ang pahintulot na iyon ay binawi. Nakamit ni Satanas ang kanyang layunin sa pamamagitan

ng pagpigil sa kanila na makapasok sa Canaan; at ngayon, hinihikayat niya sila na gawin ang mismong bagay, sa kabila ng malinaw na pagbabawal ng Diyos, na ayaw nilang gawin noong iniutos ito ng Diyos. Sa gayon, nagtagumpay ang dakilang manlilinlang sa pamamagitan ng pag-akay sa kanila sa ikalawang pagkakataon ng paghihimagsik. Hindi sila nagtiwala sa kapangyarihan ng Diyos na makikibahagi sa kanilang mga pagsisikap sa pag-angkin sa Canaan; ngunit ngayon, umasa sila sa sarili nilang lakas upang maisakatuparan ang gawain nang hiwalay sa tulong ng Diyos. “Nagkasala kami laban sa Panginoon,” ang kanilang sigaw; “aakyat kami at makikipaglaban, ayon sa lahat ng iniutos sa atin ng Panginoon atin ng Diyos” Deuteronomio 1:41. Lubha silang nabulag ng kanilang pagsuway. Hindi kailanman iniutos ng Panginoon na sila ay “umakyat at makikipaglaban.” [Iyan ay isang tiyak na pahayag para sa kuwentong iyon. Ngayon ay isang pangkalahatang pahayag.] Hindi Niya layunin na ang lupain ay kanilang makuha sa pamamagitan ng digmaan, kundi sa pamamagitan ng mahigpit na pagsunod sa Kaniyang mga utos. (*Patriarchs and Prophets*, p. 392.3)

At napag-usapan na rin natin ito noon. Kung ang kaharian ng Diyos ay isang kaharian ng mabuting karakter at Espiritu, at kung ang Espiritung iyon ay nananahan sa mga kaluluwa ng mga Israelita, kung gayon, nang pumasok sila sa Canaan, magiging katulad ito ng pagpasok ni Hesus sa templo na puno ng magugulong tao. Ano ang kinailangang gawin ni Hesus upang linisin ang templo?

Tagapakinig: Pumasok lamang doon. Magpakita ka.

Pr. Adrian: Magpakita lamang Siya at sinabi, “Ito ang bahay ng aking Ama. Huwag ninyong gawing pugad ng mga magnanakaw.” At silang lahat ay umalis. Magagawa rin sana ng Israel ang ganoon ding bagay. Sa gayon, ang maliliit na bata sa gitna ng mga Cananeo ay maaaring lumapit, maupo sa Kanyang paanan, magsisi, at humingi ng

kapatawaran. At yaong mga tumangging magsisi ay kusang aalis at lalayo. Hindi ba't mas mabuti sanang paraan iyon?

At gaya ng sinabi ko noon, matatawag ba itong lupang pangako? Kapag ang isang sundalong Israelita, matapos makibahagi sa paglipol ng buong mga pamayanan, ay natutulog sa gabi at malinaw na nakikita sa kanyang isipan ang larawan ng kanyang malaking tabak na tumatagos sa katawan ng isang maliit na bata. Iyon ba ang lupang pangako? Iyan ay isang buhay na impiyerno. Hindi iyan ang lupang pangako. "Ang kaharian Ko ay hindi sa mundong ito. Kaya't ang Aking mga lingkod ay hindi nakikipaglaban." Hindi naman kailangang maging ganito ang lahat, ngunit ayaw makinig ng Israel.

Nang magsalita ang Diyos mula sa Bundok Sinai, sinabi nila, "Huwag nang magsalita sa amin ang Diyos. Si Moises na lamang ang magsalita sa amin. Huwag nang magsalita sa amin ang Diyos." At sinabi ng Diyos sa kanila, "Kung pakikingan ninyo ang Aking tinig, tinutupad ninyo ang Aking tipan." Ngunit ayaw nilang makinig sa Kanyang tinig. Kaya't nilabag nila ang tipan. At sinabi nila, "Lahat ng sinabi ng Panginoon ay aming gagawin." Sinabi ng Diyos, "Aking palalaysin ang mga naninirahan sa harap ninyo." Ngunit sinabi nila, "Hindi, kami ang gagawa noon. Kami ang magpapalayas sa kanila. Sa katunayan, lulupigin namin sila nang lubusan." Iyon ang pagkaunawa nila.

Ngayon, narito ang isang Kristiyanong website. Itinanong ko kung bakit iniutos ng Diyos ang pagpuksa sa mga Cananeo. Hindi ko eksaktong ganoon itinanong ang tanong. Ang sinabi ko ay, bakit nais ng Diyos na patayin o lipulin nila ang mga Cananeo? Kaya narito ang ilang paliwanag kung bakit, ayon sa isang Kristiyanong sanggunian, kinakailangang mamatay ang mga Cananeo.

Bakit iniutos ng Diyos ang pagpuksa sa mga Cananeo?

Makasaysayang Karanasan

Ang mga pangyayaring may kaugnayan sa utos na alisin ang mga Cananeo (tingnan ang Deuteronomio 20:16–18) ay naganap noong pagpasok ng Israel sa Lupang Pangako. Ang mga taong naninirahan sa Canaan ay karaniwang mga inapo ni Canaan, na apo ni Noe (Genesis 10:15–19). Sa paglipas ng mga salinlahi, ang kanilang kultura at mga gawaing panrelihiyon ay lubhang lumayo sa pamumuhay at pagsamba ng mga sumasamba sa Diyos ng Israel.

Talaga bang malaki ang pagkakaiba? May malinaw bang pagkakaiba sa pagitan ng ginagawa ng mga Israelita at ng mga Cananeo? O ng mga Ehipsiyo? Noong sila ay nasa Ehipto, nagkakaiba ba sila nang malaki? May ilan, isang maliit na nalalabi, ngunit karamihan sa kanila ay halos walang pagkakaiba.

Sa panahon ng pananatili ng Israel sa Ehipto at ng sumunod na Pag-alis (Exodus), patuloy na umunlad ang mga lungsod-estado ng Canaan, kasama ang mga gawaing panrelihiyon tulad ng pagsamba sa iba't ibang diyos at diyosa, gaya nina Baal at Ashtoreth.

Sumamba ba ang Israel kina Baal at Ashera? Oo, sumamba sila.

Ang mga arkeolohikal na paghuhukay (tulad ng mga natuklasan sa Ugarit) ay nagbigay ng mas malalim na kaalaman tungkol sa relihiyon ng mga Cananeo: ang mga tekstong natagpuan sa Ras Shamra ay naglalarawan ng mga ritwal na kinabibilangan ng matitinding anyo ng pagsamba sa mga diyus-diyosan.

Mayroon bang anyo ng pagsamba sa diyus-diyosan na hindi matindi? Sa palagay ko, nauunawaan ko kung ano ang tinutukoy nila sa aspeto ng karahasan at imoralidad.

Mahalaga ang kaligirang ito sapagkat ang mga tagubilin ng Diyos sa Kasulatan ay tumutukoy sa mga usaping moral, at hindi lamang sa mga usaping teritoryal.

Ang Kalagayang Moral ng mga Cananeo

Isa sa mga pagkakaiba sa salaysay ng Bibliya ay ang patuloy na huwaran ng mabibigat na kasalanan sa Canaan. Ayon sa Genesis 15:16, ipinagpaliban ng Diyos ang pagsakop ng Israel hanggang sa “mapuno ang kasamaan ng mga Amorreo.” Kabilang sa mga paglabag ng mga Cananeo ang paghahain ng mga bata, ...

Sumali ba ang Israel sa paghahain ng mga bata? Titingnan natin ang ilang teksto tungkol diyan sa lalong madaling panahon.

... ritwal na prostitusyon,

Sumali ba ang Israel sa prostitusyon? Ano ang nangyari sa Baal Peor?

at mga gawaing okulto (tingnan ang Deuteronomio 18:9–10).

Naging kasangkot ba ang mga Israelita sa mga gawaing okulto? May ilan. Ang gintong guya.

Ang mga natuklasang arkeolohikal sa mga lugar na may kaugnayan sa pagsamba ng mga Cananeo (halimbawa, ang mga mataas na dako malapit sa Gezer) ay nagpapatunay ng mga ebidensiya ng paghahain ng mga bata, na parehong naitala ng mga sinauna at modernong mga historyador.

Ang binibigyang-diin sa Bibliya ay hindi ito isang maliit na paglabag lamang. Ito ay isang kulturang ganap na nakatuon sa pagsamba sa mga diyus-diyosan at karahasan.

Sandali lang. Kaya, ito ay isang kulturang nakatuon sa karahasan. Kung gayon, paano natin haharapin ang kanilang suliranin sa karahasan? Sa pamamagitan din ng karahasan. Mayroon ba ritong hindi pagkakatumag o hindi pagkakapare-pareho?

Ang mga talata tulad ng Levitico 18:24–25 ay nagbababala: “Huwag ninyong dungisan ang inyong sarili sa alinman sa mga gawaing ito... ang lupain ay nadungisan.” Binibigyang-diin ng konteksto ang bigat ng kanilang mga gawain at ang dahilan ng paghatol sa kanila.

Kaya, naroon ang paliwanag o dahilan.

Ang kalagayan ng Israel. Pansinin ang pahayag na ito.

Habang nasa pagkaalipin sa Ehipto ang mga Israelita, sila ay napaliligiran ng pagsamba sa mga diyus-diyosan. Ang mga Ehipsiyo ay may mga tradisyon hinggil sa paghahain. Hindi nila kinikilala ang pag-iral ng Diyos ng langit. Naghahain sila sa kanilang mga diyus-diyosan. Sa malaking karangyaan at seremonya, isinasagawa nila ang kanilang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Nagtatayo sila ng mga altar bilang parangal sa kanilang mga diyos, at iniuutos pa nila na ipadaan sa apoy maging ang kanilang sariling mga anak... Maging ang ilan sa mga anak ng Israel ay bumagsak na rin sa ganoong antas ng pagkasira at nagsagawa ng mga kasuklam-suklam na gawaing ito, (*The Spirit of Prophecy*, Vol. 1, p. 268)

Ginagawa nila ito sa Ehipto. Ipinapadaan nila sa apoy ang kanilang mga anak, at ang ilan ay namamatay sa apoy. Inihahain nila ang kanilang mga anak sa mga huwad na diyos. Kaya, bakit ililigtas ng Diyos ang mga Israelita kung marami sa kanila ay nakikibahagi rin sa mga gawaing katulad ng ginagawa ng mga Ehipsiyo? Bakit Niya sila ililigtas? Dahil sa Kanyang pangako kay Abraham. At dahil sa kulturang iyon, may mga elemento pa ring maaaring tumugon sa tinig ng Diyos. Hindi dahil sa mga ibang bagay na iyon.

Sa Bundok Sinai – pagsamba sa gintong guya at pakikibahagi sa imoralidad

Sa Baal Peor – sumamba sila sa mga diyos ng mga Moabita at nagsagawa ng imoralidad.

Ginagawa rin nila ang parehong mga bagay, sumasamba sa iisang mga diyos na sinasamba rin ng ibang mga bansa.

Sa panahon ng buhay ni Josue, pansinin ito. Pansinin na matapos ang lahat ng pagpatay, matapos ang lahat ng paglipol, at matapos ang

pagpaslang sa mga taong sumasamba sa mga huwad na diyos, ano ang sinabi ni Josue sa mga Israelita?

“Kaya ngayon, katakutan ninyo ang Panginoon, paglingkuran ninyo Siya nang may katapatan at katotohanan, at alisin ninyo ang mga diyos na pinaglingkuran ng inyong mga ninuno sa kabila ng Ilog at sa Ehipto. Paglingkuran ninyo ang Panginoon at kung sa tingin ninyo ay masama ang maglingkod sa Panginoon, pumili kayo ngayon kung sino ang inyong paglilingkuran, ang mga diyos na pinaglingkuran ng inyong mga ninuno sa kabila ng Ilog, o ang mga diyos ng mga Amorreo na ang lupain ay inyong tinitirhan. Ngunit sa akin at sa aking sambahayan, kami ay maglilingkod sa Panginoon.” (Josue 24:14–15)

Ano? Pinatay ninyo ang lahat ng mga taong ito dahil sumasamba sila sa mga diyos na ito, samantalang marami rin naman sa inyo ang patuloy na sumasamba sa mga iyon. Anong uri ng pagkukunwari ito? Dapat may iba pang dahilan bukod sa pagbibigay-katwiran tungkol sa idolatriya, imoralidad, at paghahandog ng mga bata bilang alay. Sapagkat nakibahagi rin ang Israel sa lahat ng mga bagay na ito. Habang nasa Egipto sila, maging noon pa man kay Raquel na itinago ang mga diyos ng kanyang ama sa mga bagaheng nakasabit sa kaniyang sinasakyang kamelyo o kabayo. Hindi malinis ang Israel sa usaping ito. Mahaba ang pagtitiis ng Diyos, hindi ba? Sapagkat gumawa ang Diyos ng pangako kay Abraham, at dahil sa kulturang iyon ay may kakayahan pa ring tumugon ang mga tao sa tinig ng Diyos. Wala nang ibang dahilan.

Ngayon, *Patriarchs and Prophets*,

Matapos niyang ipakita ang kabutihan ng Diyos sa Israel, tinawag niya sila, sa pangalan ni Jehova, upang piliin kung sino ang kanilang paglilingkuran. Ang pagsamba sa mga diyus-diyosan ay lihim pa ring isinasagawa ng ilan, at sinikap ngayon ni Josue na akayin sila sa isang pasyang mag-aalis ng kasalanang ito sa Israel. (*Patriarchs and Prophets*, p. 523)

Ngunit batay sa paghatol nila ngayon sa ibang mga bansa, anong hatol ang dapat dumating sa kanila? Ang parehong hatol. Kaya ito ay nangyari noong nabubuhay pa si Josue. Ano ang nangyari agad pagkamatay ni Josue at ng buong salinlahing iyon? Ano ang nangyari?

At si Josue na anak ni Nun, lingkod ng PANGINOON, ay namatay sa gulang na isang daan at sampung taon. At siya'y inilibing sa hangganan ng kaniyang mana sa Timnat-heres, sa kabundukan ng Efraim, sa hilagang bahagi ng burol ng Gaas. At ang buong salinlahing iyon ay pumanaw rin at sumama sa kanilang mga ninuno. At lumitaw ang isang bagong salinlahi pagkaraan nila, na hindi nakakilala sa PANGINOON ni sa mga gawa na ginawa Niya para sa Israel. (Hukom 2:8-10)

Naulit ba ang kasaysayang ito? Matapos mamatay ang mga Adventistang tagapagtatag at ang buong salinlahing iyon, may lumitaw na bagong henerasyon ng mga pinunong Adventista na hindi nakakilala sa Diyos ng Israel. At sila'y yumuko at naglingkod sa diyos ng Babilonia. Nakipag-isa sila kina Walter Martin, Donald Barnhouse, at sa iba pang mga taong iyon, at kanilang inakay ang Israel upang yumuko at sumamba sa mga diyos ng Babilonia. Sobra ba ang paglalarawang ito? Hindi. Kaya bago natin sila ituro ng daliri, dapat nating alalahanin na ang usaping ito ay tumutukoy rin sa atin, hindi ba?

At ang mga anak ng Israel ay gumawa ng masama sa paningin ng PANGINOON at naglingkod kay Baal:

Ang mismong mga taong kani-kanina lamang nilang nilipol, ngayon ay pinaglilingkuran naman nila ang parehong mga diyos.

At kanilang tinalikuran ang PANGINOON, ang Diyos ng kanilang mga ninuno, na naglabas sa kanila mula sa lupain ng Egipto. Sumunod sila sa ibang mga diyos, mga diyos ng mga taong nasa paligid nila [na kanila ring nilipol noon] at yumuko sila sa mga ito. Dahil dito, napukaw nila ang galit ng

PANGINOON. Tinalikuran nila ang PANGINOON at naglingkod kina Baal at Ashtarot. (Hukom 2:11-13, KJV)

Hindi maaaring ang dahilan lamang ng paglipol sa mga Cananeo ay isang usaping moral, sapagkat ginagawa rin ng Israel ang mismong mga bagay na iyon. Maaaring hindi sa parehong antas o hindi kasing laganap gaya ng sa mga Cananeo, ngunit ginagawa rin nila ang parehong mga gawain.

Ngayon, pansinin natin ito, Awit 106.

At kanilang pinagsilbihan ang kanilang mga diyus-diyosan: na naging isang bitag para sa kanila. Oo, inihandog pa nila ang kanilang mga anak na lalaki at mga anak na babae sa mga demonyo. [Kaya nga dapat mapuksa ang mga Cananeo] Nagpadanak sila ng dugong walang sala, *maging* ang dugo ng kanilang mga anak na lalaki at mga anak na babae, na kanilang inihandog sa mga diyus-diyosan ng Canaan: at ang lupain ay nadungisan ng dugo. Kaya't sila'y naging marumi sa pamamagitan ng kanilang sariling mga gawa, at nagpakasama sa pamamagitan ng kanilang sariling mga likha. (Awit 106:36–39)

Kung gayon, ang argumentong ang mga Cananeo ay nilipol dahil sa kanilang paghahain ng mga bata, imoralidad, at pagsamba sa mga huwad na diyos ay isang argumentong walang kabuluhan. Dapat ay may iba pang dahilan. Batay sa lahat ng ating napag-aralan at sa ating pagkaunawa, pinahihintulutan ng Diyos na ang mga kasalanan ng isang bansa ay bumalik at magdulot ng kaparusahan sa sarili nito. Kung paanong ang mga bansang ito ay pumatay at sumira ng iba, pinahintulutan din ng Diyos na sa gayunding paraan ay sila mismo ang mapuksa. May teksto na nagsasabi nito, sa gayunding paraan ay sila rin ay lilipulin. Pinahihintulutan ng Diyos na ang kasalanan ay maging kaparusahan ng kasalanan. Kaya't pinahintulutan Niya na ang kasalanan ng mga Israelita ay maging kasangkapan upang parusahan ang kasalanan ng mga Cananeo, sapagkat umabot na sila sa higit sa apat na salinlahi. Sapagkat sinasabi ng Diyos, “Pinarurusahan Ko ang

mga salinlahi hanggang sa ikatlo at ikaapat na salinlahi ng mga napopoot sa Akin” (Exodo 20:5) at pagkatapos ng apat na salinlahi ng patuloy na paggawa ng isang tiyak na kasalanan nang walang pagsisisi, ang isang bansa ay nagiging matigas ang puso, hindi na madaling maabot ng Espiritu ng Diyos, at sa huli ay nawawasak. At papalapit na tayo sa panahong iyon para sa Kanluraning daigdig, lalo na sa ilalim ng Amerika at Hilagang Amerika. Umabot na tayo sa apat na salinlahi mula nang magsimula ang pangingibabaw ng Amerika. Malapit nang matapos ang panahong iyon.

Dito, kung may kaso man ng pagkitil ng buhay ng tao bilang hatol sa moral na paghusga, narito ang pamantayan. Siya na walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya.

“Ngayon, si Moises sa Kautusan ay nag-utos sa amin na ang mga ganito ay dapat batuhin. Ngunit ano ang sinasabi Mo?” Sinabi nila ito upang Siya ay subukin, upang magkaroon sila ng maipaparatang laban sa Kanya. Ngunit yumuko si Hesus at sumulat sa lupa gamit ang *Kanyang* daliri, na wari’y hindi Niya sila narinig. Nang patuloy nila Siyang tinatanong, Siya ay tumindig at sinabi sa kanila, **“Ang walang kasalanan sa inyo ang siyang unang bumato sa kanya.”** At muli Siyang yumuko at sumulat sa lupa.” (Juan 8:5–8)

Ang Israel ba ay walang kasalanan? Sila ba ay karapat-dapat na bumato sa iba? Hindi, hindi sila karapat-dapat.

Ang Israel ay nagsagawa rin ng mga kahalintulad na kasalanan ng mga Cananeo. Hindi sila nakahihigit sa moralidad. Sila ay sumamba rin sa mga diyus-diyosan, gumawa ng imoralidad, at nag-alay ng kanilang mga anak sa mga huwad na diyos. Paano sila magiging karapat-dapat na lipulin ang mga Cananeo?

Una, alisin mo muna ang puwing sa iyong sariling mata.

Kaya’t dapat may iba pang dahilan. Kaya ang tanong ay, ang Israel ba ay nasa kaharian ng langit? At ipinapaliwanag ba nito kung bakit si

Hesus ay hindi tumanggap ng kaharian hanggang 1844? Hindi sila aktuwal na nasa kaharian. Sila ay inanyayahan sa piging ng kasalan. Sinabi ni Hesus na sila ay inanyayahan sa piging ng kasalan, ngunit wala ni isa sa kanila ang dumating. Kaya kinailangan nilang pumunta at mag-imbata ng iba upang dumalo sa piging ng kasalan sapagkat wala ni isa sa kanila ang darating.

Sumagot si Hesus, **“Ang Aking kaharian ay hindi sa sanlibutang ito. Kung ang Aking kaharian ay sa sanlibutang ito, ang Aking mga lingkod ay makikipaglaban** sana upang hindi Ako maibigay sa mga Judio; ngunit ngayon, ang Aking kaharian ay hindi nagmumula rito.” (Juan 18:36)

Ang pakikipaglaban sa laman ay nag-aalis sa taong nakikipaglaban mula sa kaharian ng Diyos, ayon sa kahulugan ni Kristo.

Kaya’t matakot tayo, baka habang may naiwan pang pangako tungkol sa pagpasok sa Kanyang kapahingahan, ay may sinuman sa inyo na tila hindi ito maabot. Sapagkat sa atin din [sa ngayon] ipinangaral ang ebanghelyo, gayundin sa kanila [Israel]: ngunit ang salitang ipinangaral ay hindi nakinabang sa kanila, sapagkat hindi ito sinamahan ng pananampalataya ng mga nakarinig *nito*. Sapagkat tayo na sumampalataya ay pumapasok sa kapahingahan, gaya ng Kanyang sinabi, Ako ay sumumpa sa Aking poot, na hindi sila papasok sa Aking kapahingahan,; bagaman ang mga gawa ay natapos na mula pa sa pagkatatag ng sanlibutan. (Hebreo 4:1–3)

Sa ano tayo pumapasok? Sa kapahingahan. Sapagkat ang kaharian ng Diyos ay kaharian ng karakter. At ano ang bunga ng kahariang iyon? Kapayapaan, katahimikan, katiyakan, at kapahingahan. Pagpasok sa kapahingahan. Isang kapahingahan mula sa digmaan, isang kapahingahan mula sa karahasan.

Bilang maikling pagbanggit lamang, lilinawin ko ito sandali. Ang halimbawa ni Juan Bautista, at ang mga kamangha-manghang salitang

binigkas ni Hesus.

Katotohanang sinasabi Ko sa inyo, sa mga ipinanganak ng mga babae ay walang lumitaw na higit pa kay Juan Bautista: gayunma'y **ang pinakahamak sa kaharian ng langit ay higit pa sa kanya.** (Mateo 11:11)

Ano ang sinasabi nito? Hindi siya nasa kaharian ng langit. Siya ay tumatawag sa mga tao upang pumasok sa kaharian. Siya ay kaibigan ng kasintahang lalaki, ngunit hindi siya aktuwal na kabilang sa kaharian.

Tagapakinig: Sinasabi mo ba na si Juan Bautista ay hindi talaga nasa kaharian?

Pr. Adrian:

Tulad ng mga alagad ng Tagapagligtas, **hindi naunawaan ni Juan Bautista ang kalikasan [karakter] ng kaharian ni Kristo.** Inaasahan niyang si Hesus ay uupo sa trono ni David; at habang lumilipas ang panahon at hindi inaangkin ng Tagapagligtas ang kapangyarihang makapangyarihang tulad ng isang hari, si Juan ay nalito at nabagabag. Ipinahayag niya sa mga tao na upang maihanda ang daan ng Panginoon, kailangang matupad ang hula ni Isaias; ang mga bundok at mga burol ay ibababa, ang mga liko ay itutuwid, at ang mga baku-bako ay papatagin. Inaasahan niyang ang mga matataas na lugar ng kapalaluan at kapangyarihan ng tao ay ibabagsak. Itinuro niya ang Mesiyas bilang Siya na may hawak ng kanyang palakol sa Kanyang kamay at lubos na lilinis ang Kanyang giikan, titipunin ang trigo sa Kanyang kamalig, at susunugin ang ipa sa apoy na hindi mapapatay. [Inakala niyang kukunin Niya ang kaharian sa pamamagitan ng dahas.] **Tulad ng propetang Elias, na ang espiritu at kapangyarihan ay nasa kanya rin noong siya'y dumating sa Israel, inaasahan niyang ipapakita ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang Diyos na sumasagot sa pamamagitan**

ng apoy. (*The Desire of Ages*, p. 215.2)

At dahil hindi niya ginawa ito [sumagot sa pamamagitan ng apoy], dumating si Juan Bautista sa puntong nagsabi, “Ikaw nga ba talaga ang Mesiyas? Hindi ikaw ang Mesiyas na inaasahan ko. Ibang uri ng Mesiyas ang hinahanap ko.” Ngunit habang nasa bilangguan, (makalipas ang dalawang pahina, *The Desire of Ages*, pahina 217), naunawaan ni Juan ang katotohanan; at naunawaan niya kung ano talaga ang kaharian, at pagkatapos ay napabilang siya sa kaharian bago siya namatay.

Tagapakinig: Pumasok siya sa bagong tipan.

Pr. Adrian: Pumasok siya sa bagong tipan bago siya namatay. Nakikita mo ba? Kaya mahalaga ito.

Ngunit hindi ba si Josue ay isang tapat na lingkod? Matapos sabihin ng Israel sa Diyos na ayaw nilang marinig ang Kanyang tinig sa Bundok Sinai at ipinangako nilang tutuparin nila ang lahat ng Kanyang mga utos sa kanila, kinailangan ng Diyos na magpakababa at gawin ang mga bagay ayon sa kanilang kagustuhan.

Gayunman, humiling ang patriyarka [Abraham] ng isang nakikitang tanda bilang pagpapatibay ng kanyang pananampalataya at bilang katibayan sa mga susunod na salinlahi na matutupad ang mapagpalang layunin ng Diyos para sa kanila. **Nagpakababa ang Panginoon na makipagtipan sa Kanyang lingkod, gamit ang mga paraang karaniwang ginagawa ng mga tao bilang pagpapatibay ng isang taimtim na kasunduan.** (*Patriarchs and Prophets*, p. 137)

At sa pagkakataong ito, ibinigay ng Diyos ang mga Cananeo bilang pantubos para sa Israel. Ibig sabihin, upang manatiling buhay ang Israel, dahil tumanggi silang pumasok sa Kanyang tipan, kinailangan Niyang pahintulutan na malipol ang mga Cananeo upang mapanatiling buhay ang Israel. Kaya naman, ang mga Cananeo ang naging kapalit na parusa para sa mga Israelita upang sila ay

manatiling buhay. Mas malalim na kaisipan ito, ngunit nauunawaan mo ba?

Sapagkat ako ang PANGINOON mong Diyos, ang Banal ng Israel, ang iyong Tagapagligtas: **ibinigay Ko ang Egipto bilang pantubos para sa iyo, gayundin ang Etiopia at Seba alang-alang sa iyo.** (Isaias 43:3)

Iisa lamang ang prinsipyong ito. At gaya ng aking naipaliwanag sa mga nakaraang presentasyon, kung ang mga Cananeo ay ibinigay bilang pantubos, at kung nararamdaman ni Kristo ang lahat ng pagdurusa ng sangkatauhan, nagdusa rin ba si Kristo sa pagkalipol ng mga Cananeo?

Tagapakinig: Oo.

Pr. Adrian: Kaya si Kristo ay napako sa krus, kahit sila mismo ang nagdala nito sa kanilang sarili, kahit sila mismo ang gumawa nito sa kanilang sarili, kahit ang kanilang mga ginawa ang naging dahilan kung bakit ito nangyari sa kanila. At sasabihin mo, ginawa mo iyan sa iyong sarili, kaya ngayon ay pinagdaraan mo ang bunga nito.

Tagapakinig: Sila ay Kanyang mga anak pa rin.

Pr. Adrian: Ngunit sila ay Kanyang mga anak pa rin. Kahit hindi nila Siya kinikilala bilang Diyos, kahit hindi nila Siya kinikilala, Siya pa rin ang lumikha sa kanila at Siya pa rin ang nagbibigay sa kanila ng buhay. Kaya naman, si Kristo ay napako sa krus sa gitna ng pagdurusa at pagkalipol ng mga Cananeo, ngunit ito ang tanging paraan upang iligtas ang Israel at mapanatili silang buhay. Wala nang ibang paraan upang sila ay mapanatiling buhay. Kung hindi, sila ay malilipol. Sa madaling sabi, kung hindi sila pinrotektahan ng Diyos, maaaring nilipol sana ng mga Cananeo ang Israel at ginawa sa kanila ang ginawa ng Israel sa mga Cananeo. Mawawala sila sa mukha ng daigdig. Walang ibang paraan upang sila ay makaligtas, maliban sa ibinigay ng Diyos ang mga Cananeo bilang pantubos upang manatiling buhay ang Israel.

Ngayon ay mayroon ka nang konteksto kung paano ito maaaring mangyari, at gayon pa man ay maaari pa rin silang hindi mapabilang sa kaharian ng langit.

Hindi pinabayaan ng Diyos ang Israel, Siya ay sumama sa kanila sa kanilang maling pagkaunawa, na nagnanais silang akayin patungo sa Kanyang kaharian. May ilan na namuhay ayon sa liwanag na kanilang naunawaan at sila ay maliligtas. Ngunit dahil sila ay nasa maling pag-unawa tungkol sa kaharian, karamihan sa kanila ay hindi nakapasok sa kapahingahan ng Diyos o sa Kanyang mapayapang kaharian.

Naunawaan ito ni Eliseo, hindi ba? Nang sabihin ng hari, “sasalakayin ko ba sila, ama? sasalakayin ko ba sila?” sinabi niya, “pakainin mo sila.”

Kaya nga, kung ang iyong kaaway ay nagugutom, pakainin mo siya; kung siya ay nauuhaw, painumin mo siya... (Roma 12:20)

Ito ang kaharian ng langit.

Kaya, sa kabuuan:

- Ang Kaharian ng Langit ay isang kaharian ng karakter
- Hindi ito dumarating nang may panlabas na nakikitang tanda o pagmamasid.
- Ang bunga nito ay kapayapaan at katiyakan magpakailanman.
- Ang mga sakop ni Kristo, samakatuwid, ay hindi nakikipaglaban o gumagamit ng karahasan.
- Ang Israel ay hindi walang kasalanan at nagsasagawa rin ng marami sa kaparehong mga kasalanan ng mga Cananeo. Hindi sila maaaring gamitin ng Diyos upang lipulin ang mga Cananeo sa kontekstong iyon.
- Sinabi ng Israel, “Ang lahat ng sinabi ng Panginoon ay aming gagawin,” at ninanais nilang angkinin ang lupain ng Canaan

sa pamamagitan ng puwersa. Pinagbigyan sila ng Diyos sa kanilang kagustuhan upang ipakita sa kanila ang kawalang-saysay ng kanilang ginawa at upang akayin sila tungo sa Kanyang likas na karakter. (At, gaya ng aking sinabi, upang magbigay ng pantubos para sa kanila upang manatiling buhay).

- Nais ng Diyos na linisin ng Kanyang bayan ang Canaan tulad ng paglilinis ni Hesus sa templo. Ang karakter ng Kanyang bayan ay magdadala sa mga naninirahan na magsisi o tumakas.

Kaya sana ay nagbigay ito sa iyo ng ilang pagninilay tungkol sa kung ano ang Kaharian ng Langit, at kung bakit hindi natanggap ni Kristo ang kaharian hanggang noong 1844. Sapagkat hindi pa iyon ang Kanyang kaharian noon.

Tagapakinig: Maari nating mapagtagumpayan ang ating mga kaaway sa pamamagitan ng pagpapakita ng kabaitan, at sa gayon ay mabago sila at maging mga kaibigan.

Pr. Adrian: Gawing kaibigan ang mga kaaway, iyan ang pinakamainam na paraan upang mapagtagumpayan ang iyong kaaway. Sige; tayo ay mananalangin?

Pangwakas na Panalangin:

Aming Amang nasa langit, kami ay nagpapasalamat sa Iyong dakilang pag-ibig at kabutihan sa amin. Salamat po sa Iyong pagtulong sa amin habang aming sinasaliksik ang mga Banal na Kasulatan upang maunawaan kung ano ang Kaharian ng Langit, kung ano ang Kaharian ng Diyos, paano ito gumagana, paano kami makakapasok sa kahariang ito, at kung paano nauugnay ang Israel sa kahariang ito?

Amang Diyos, salamat po sa Iyong pagtanggap at pag-unawa. Salamat po na Ikaw ay mapagpasensya at mahabagin. Iyong binata ang lahat

ng pagdurusang iyon, ang lahat ng pagpatay, at ang lahat ng kakilakilabot na mga pangyayaring sumapit sa mga bansang iyon na sila rin ang nagdala sa kanilang sarili. Iyong pinagtibay ang lahat ng ito upang mapanatili ang isang binhi, at upang maihatid sa panahon na si Kristo ay dumating at maipakita sa amin ang tunay na Kaharian ng Ama. Nais naming makapasok sa kahariang iyon upang maging katulad ni Hesus.

Maraming salamat po, Amang Diyos, sa pangalan ni Hesus. Amen.

ANG KAHARIAN NG DIYOS

Ipaliliwanag ni Hesus kay Pilato kung ano ang hindi Kaharian ng Diyos:

“Sumagot si Hesus, “Ang aking kaharian ay hindi sa sanlibutang ito. Kung ang aking kaharian ay sa sanlibutang ito, ang aking mga lingkod ay makikipaglaban upang hindi ako maibigay sa mga Judio; ngunit ngayon, ang aking kaharian ay hindi mula rito.” Juan 18:36

Ngunit sa iba’t ibang bahagi ng Kasulatan, ipinapakita rin Niya sa atin kung ano ito, kabilang ang mahalagang pahayag na ito:

“Ang Kaharian ng Diyos ay hindi dumarating na may nakikitang palatandaan; ni hindi nila sasabihin, ‘Narito!’ o ‘Naroon!’ Sapagkat tunay na ang Kaharian ng Diyos ay nasa inyo.” Lucas 17:20–21

Ang Kaharian ng Diyos ay isang kaharian ng karakter, at sa kahariang ito ay walang pakikipaglaban na gumagamit ng makalaman o pisikal na sandata. Ang mga prinsipyo nito ay tulad ng mga binhi na marahang tumutubo sa lupa ng puso.

Paano nga ba natin ipaliliwanag ang pananakop sa Canaan at ang lahat ng pakikipaglaban ng mga Israelita sa Lumang Tipan. Ang mga katanungang ito ay tatalakayin sa presentasyong ito.